

BATAS PILIPINO SA WIKANG FILIPINO

PONCIANO B. P. PINEDA

Linangan ng mga Wika sa Pilipino

1. PAMBUNGAD

Ang pinakamatayog na layunin ng batas ay pangalagaan ang kapayapaan at kaayusan sa isang lipunang sibilisado. Upang matamo ito, ang katarungan ay dapat ibigay sa lahat nang karapatdapat dito nang walang anumang pagkiling o pag-aatubili. At mangyayari lamang ito kung ang pamahalaan ay nakalaan sa ideal ng katarungan at pagkakapantay-pantay. Kaya, 'pamahalaan ng mga batas at hindi ng mga tao; walang sinumang tao ang nakatataas sa batas'. Ang lipunang Pilipino'y malaon nang naninimbulan sa naturang simulain.

2. SISTEMANG LEGAL NG PILIPINO

Ang sistemang legal na Pilipino ay pagsasanib ng Europeo at Amerikano (U.S.). Nang panahong kolonyal ng mga Kastila, ang Kodigo Sibil, Kodigo Penal at iba pang batayang batas ng Peninsula ay pinairal sa Sangkapuluan. Ang kairalang ito'y iginalang ng kolonyalismong Amerikano bagaman ekstensibong pinalaganap rito ang mga batas prosidyural nito.

Magugunita na ang batas at praktis nito sa ilalim ng Espanya ay sa wikang Espanyol; Ingles ang midyum sa pamamahala ng Amerika, at kahit na pagkapahayag ng kasarinalan noong 1946. Isinalin sa Ingles ang mga kodigo at iba pang natatanging mga batas na nasusulat sa Espanyol.

Ang edukasyong Amerikano ay nagbunga ng mga bagong intelektwal na nag-sasalita ng Ingles na ang marami sa kanila'y nagtungo sa lehislatura upang magpanukala at magbalangkas ng mga panukalang-batas para sa mga mamamayan.

Samantala, ang nakararami sa mga mamamayan--ang karaniwang mamamayan, ang masa--ay nanatiling di makaunawa't di makagamit ng wika ng batas na, tulad ng

pinatitibayan ng pangyayari, lumilitaw na 'binabasa at binibigyang-kahulugan' para sa kanila ng mga abugado at ng mga hukuman lamang.

May kasabihan sa batas na nagsasaad na 'ang lahat ay itinuturing na nakaalam ng batas; walang sinuman ang libre sa pagtalima rito'. Ipinalalagay ng kawikaan na nababatid ng mamamayan na kapanagutan niyang sarili ang pagkabatid sa kanyang mga karapatan at mga obligasyon sa ilalim ng batas. Hindi maikakailang ito'y napakaidealistikong prinsipyo ng pamahalaang demokratiko. Subalit dito sa Pilipinas, ang mayorya ng mga pumapasok ng paaralan at humihinto o di na nagpapatuloy pagsapit ng ikaapat o ikaanim na grado, ang kawikaan ay lumilitaw na simbolong walang kabuluhan. Marawal na larawan ang nililikha ng kalagayang ito. Ang lahat ng nagsisilabas sa sistema ng edukasyon sa mga gradong tinuran ay *functionally illiterate*, mistulang mangmang sa Ingles. Kung gayon, ang malaking bahagi ng populasyon ay hindi nakatutugon sa legal na presumpshyon ng pagtalima. Sa aking pagkabatid, ito'y pinaghahalukipkipan lamang ng mga lehislador, ng mga lalaki't babae sa hudikatura at gayundin ng mga ehekutibo at mga administrador ng pamahalaan.

Ang buong proseso--pagbabalangkang ng batas, paglalathala sa Official Gazette at sa iba pang paraan ng pagpapatalastas ng pagkakabisa nito--at ang pagpapakilos ng makinarya ng *due process*/pagdinig nang naaayon sa batas--pagpapayal ng karaingan laban sa isang akusado o respondent, ang paglilitis, memoranda, desisyon, atb.--ay tangi at eksklusibong isinasagawa sa wikang Ingles.

Gayunma'y mababanggit na ipinahihintulot na sa kasalukuyan sa mababang hukuman ang paggamit ng wikang higit na nauunawaan ng saksi. Ang mga katanungan sa Ingles ng tagausig o ng abugado ng pag-uusig ay isinasalin ng interpreter pang-hukuman sa wika ng saksi. Sa kabilang dako, ang sagot nitong huli sa kanyang wika'y isinasalin sa Ingles, ang tanging wika na ginagamit sa mga prosiding ng hukuman at itinatala sa gayon ng istenograper at ng klerk ng hukuman. Ang mga desisyon ay isinasalin ng interpreter para sa saksi.

Sa ganitong kalagayan ay napipinsala ang episyensi ng batas at ang pamamahala ng katarungan. Sa lalong maraming pangyayari, ang mga interpreter ay hindi pormal na sinanay sa batas o sa sining ng pagsasalang-wika. Idagdag dito ang limitadong pag-kaunawa ng interpreter sa gamit ng katutubo o inangwika na nasasalita at nauunawaan nang lubusan ng saksi. Samakatuwid, ang mga lisyang o di wastong interpretasyon ay nagdudulot ng inhustisya at/o pagkawala ng pagkakapantay-pantay.

3. KINAKAILANGAN NA PAGBABAGO

Ang buong kalagayan ay dapat baguhin sa diwa na ang pagbabatas at ang mga proseso ng pag-aayaw ng katarungan ay tunay na makapaglingkuran sa bayan. Dapat pairalin sa bansa ang pagpaplanong pangwika sa larangan ng korpus o katawanin ng wika at alokasyon ng gamit nito. Maaaring ang ilan sa mga karapatang legal at pananagutan ng mga mamamayan at gayundin ng di-pamalagiang nagsisipanirahan dito ay ipinaliliwanag sa wikang pambansa at/o sa ilang wikang katutubo, bagaman paputaputaki at pabugsu-bugso. Kinakailangang ito'y maging patakaran ng pamahalaan.

At sa dahilan na ang pamahalaan ay nagsisikap na mapatingkad ang pambansang pagkakakilanlan--na sumasaklaw sa indihinesasyon ng sistemang legal--dapat nang maipromulga ang mga batas sa katutubong wika na lalong malaganap na daluyan ng komunikasyon, kalakip ang bersiyong opisyal sa mga wikang rehiyonal o lokal, o sa paraang tradisyonal kasudlong ang mga saling ituturing na orihinal katulad ng tekstong Ingles. Ang mga batas substantibo at prosidyural sa Ingles na kasalukuyang pinaairal ay dapat isalin upang maabot ang mga ito ng karaniwang tao na nasa wikang iba kaysa sa Ingles ang kakayahang komunikatibo.

4. GAWAIN NG LINANGAN NG MGA WIKA SA PILIPINAS (DATING SURIAN NG WIKANG PAMBANSA)

Sa katunayan ang larangang legal ay hindi taganas na walang pagpupunyagi tungo sa pagbibigay sa Filipino ng tungkuling pagsasakatutubo ng lenggwahe ng batas. May mga pagsasalang okasyonal nitong lumipas na mga taon. Mga piling kodigo ng batas at mga pangunahing batas na pinagtibay ng lehislatura ang naisalin na ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (ang dating Surian ng Wikang Pambansa) bilang regular na bahagi ng programa nito sa pagpapaunlad at pagpapalaganap. May ilang indibidwal din ang nag-ukol ng kanilang panahon sa bagay na ito.

Noon pa mang 1932, ang Rebisadong Kodigo Penal ay isinalin na sa Tagalog (ang batayang wika ng di maglalaon ay tatawaging Pilipino, na magiging nukleo naman ng Filipino pagkaraan ng ilang taon pa) ng mga abugadong sina Cirio H. Panganiban at Teodoro E. Gener. Pagkaraan ng ilang taon, si Panganiban ay naging direktor at naging kagawad naman si Gener ng Surian ng Wikang Pambansa. Ang pagsasalin ng Konstitusyon ng 1935 ay isinagawa ng bantog na Hispanista-Tagalista na si Lope K. Santos na naging direktor ng SWP, una kay Panganiban. Ang salin ni Santos ay niribisa nina Panganiban at isa niyang tauhang may kaalaman din sa batas.

Sa bahaging ito'y kailangang bumanggit ng ilang bagay tungkol sa naunang salin. Ang salin ng Niribisang Kodigo Penal at gayun din ng Konstitusyon ng 1935 ay lumikha ng trend sa paglinang ng legal na leksikon at dibisang retorikal ng Filipino (Tagalog/Pilipino). Ang pagkalinang ay higit na mapahalalagahan kung gagawin ang isang paghambing na pag-aaral sa mga salin ng mga Konstitusyon ng 1935, 1973 at 1986. Kaugnay nito, mahalagang banggitin na ang nakatuwang ni Panganiban sa pagsasalin ng Konstitusyon ng 1935 ay siyang naging punong namahala sa grupo ng mga tagapagsalin ng SWP na nagsalin ng dalawang magkasunod na Konstitusyon na, sa prinsipyo, ay kapuwa sinulat at opisyal na ipinromulga sa Filipino at Ingles.

Makabubuting pansinin ang rendisyon ng mga konseptong legal mula sa una hanggang sa huling salin. Ang mga konseptong legal ay matatag sa mulaang wika at di madaliang sumuko sa pagbabago ang mga ito. Ang ganitong pagsusuri ay magagawa rin sa salin ng mga piling kodigo at mga batas.

Ang LWP (i.e. SWP) ay nakapagpalimbag na ng mga monograp ng mga Katawagang Pambatas, Mga Katawagang Gamit sa Pagpupulong at Mga Katawagan sa Pamahalaang Pambayan, bilang mga halimbawa. Naisalin din ang mga ito: Batas ng Pagsasamahan sa Lupa, Batas ng Repormang Pansakahan, Kodigo sa Halalan, Batas ng Katarungang Pambaranggay, Batas ng Kababaihan at mga Bata, Pahayag ng mga Karapatang Pantao ng Nagkakaisang mga Bansa, at maraming iba pa na ang talaan at katipunan ng mga manuskrito.

Ang LWP ay nakatulong din sa mga tagapagsaling indibidwal sa pagpapahusay ng bersiyon sa Filipino ng Civil Code of the Philippines, Internal Revenue Code, Local Government Code, atb.

Ang mga summon/patawag, subpena, kahilingan sa lisensiya sa pagpapakasal at katularing mga pormularyong gamitin sa araw-araw sa piskalya at sa mabababang hukuman ay pinalalabas na ngayon sa Filipino. Ang mga pormularyong legal gaya ng apidabit, mga kasunduan, mga petisyon sa hukuman, mga sumbong, sagot, apelyasyon, mosyon, atb. ay mababasa na rin sa Filipino. Ipinamamalas din ng mga rekord ng hukuman na may ilang demanda o sumbong, memoranda, briefs, mga desisyon (ng mayorya at maging ng salungat), na nasusulat sa Filipino.

Ang mga dokumentong internasyonal na natititik sa Filipino ay binibigyan ng opisyal na pagkilala at pagiging awtentiko. Ang mga pakikipagkasunduang kultural at komersyal ng Pilipinas sa mga pamahalaan ng mga ibang bansa ay nasusulat sa Filipino

at sa wikang pambansa ng kasunduang bansa, at karaniwang may kasamang teksto sa Ingles na itinuturing na reperensiyang wika lamang.

5. MGA MUNGKAHI PARA SA KINABUKASAN

Dahil sa krusyal ang pagpapahayag ng batas sa wikang Filipino, napakahalaga na ang mga nagawa nang panimulang hakbang sa bagay na ito'y dapat ipagsulungan nang buong sigasig at patuluyan. Tungo rito, iminumungkahi ko ang mga sumusunod:

1. Imbentaryuhin ang nasusulat sa Filipino na mga dokumentong legal kasama na ang mga opisyal na rekord ng hukuman, at pati na rin ang mga inihanda ng mga pribadong tao.

Analisahin ang mga teksto nito upang makita ang mga metodo at mga teknik na ginamit sa pagpapahayag ng legal na konsepto at mga legalismo sa Filipino. Ang layunin nito'y upang matiyak ang tunguhin/trend. Maaaring magawa itong batayan ng istandardisasyon.

2. Ang mga panukalang-batas sa Kongreso ay dapat nang ipromulga sa Filipino o sa paraang bilinggwal sa Filipino at Ingles.

Sa kasalukuyan ay may ilang bill na monolinggwal sa Filipino o bilinggwal sa Filipino at Ingles na nabibimbina sa Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan sa Kongreso.

3. Dapat nang pasimulan ng Sangay Tagapagpaganap at gayundin ng Sangay Tagapagbatas at Sangay Pangkatarungan ang pagpapalabas sa Filipino, o bilinggwal sa Filipino at Ingles, bilang panimula, ng mga order, sirkular, memoranda, instruksiyon, panuntunan at mga katulad ng aktang pamamahalaan.

Ang pamahalaan ay dapat maging modelo sa pagtalima sa batas na nagsasaad na ang Filipino, bukod sa wikang Ingles, ay wikang opisyal. Ang Filipino ay nararapat bigyan ng kinakailangang tangkilik upang magkaroon ng laban sa Ingles.

4. Dapat magpatibay ang Kongreso ng batas na nagpapatupad sa probisyong pangwika ng Konstitusyon, sa partikular ang Talataan 2, Seksiyon 6; Talataan 1 & 2, Seksiyon 7; at Seksiyon 9 ng Artikulo XIV.

Ang ilan sa mga probisyon ay nangangailangan ng lehislatibong paglinaw upang mapabilis ang pinasiglang pagpapaunlad at pagpapayaman pa sa Filipino, at gayundin ang gamit ng Filipino bilang midyum ng pangkahalatang komunikasyon at wika ng instruksiyon sa sistema ng edukasyon, kasama ang mga wikang rehiyonal bilang pantulong na wika sa kinaauukulang rehiyon.

Sumapit na sa mga Pilipino ang panahon ng pagpapahayag ng mga batas at hurisprudensyang Pilipino sa wikang Pilipino, ang wikang nagtataglay ng tunay na kahulugan ng kalayaan at katarungan para sa lalong nakararami sa mga mamamayan. Umusbong na ang tradisyon ng batas Pilipino mula sa hurisprudensiya na sumasalok ng buhay sa mga kahalagahang kultural at mga karanasang historikal ng mga Pilipino. Panahon na upang pasimulan natin ang pagpapasibol ng isang tradisyon ng midyum na kapahayagang legal. Ito ang wikang Pilipino.